



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission



NDIS  
WORKER  
SCREENING

## NDIS Worker Screening Check: Ang kailangang malaman ng mga manggagawa sa NDIS

Ang fact sheet na ito na para sa mga manggagawa sa NDIS ay nagpapaliwanag kung ano ang NDIS Worker Screening Check, kong paano ito gumagana, at kung paano mag-apply para sa isa. Kasama rin dito ang mga detalye sa pakikipag-ugnay para sa mga Worker Screening Unit.

### Ano ang isang NDIS Worker Screening Check?

Mula sa 1 February 2021, ang NDIS Worker Screening Check (Worker Screening Check) ay pumapalit sa mga iba't-ibang kaayusan na pinapatakbo sa bawat estado o teritoryo, na nagtatakda ng isang pinakamababang pambansang pamantayan na kinakailangang matustusan ng lahat ng mga manggagawa na nakikibahagi sa mga tungkulin na tinasa sa panganib (risk assessed roles). Ang ilang mga estado at teritoryo ay maaari pa ring magkaroon ng karagdagang pangangailangan sa ilang mga kalagayan, hal. ang mga taong nagtatrabaho sa mga bata ay maaari pa ring magkaroon ng karagdagang pagtatasa.

Ang Worker Screening Check ay isang pagtatasa kung ang isang taong nagtatrabaho, o naghahangad na magtatrabaho, sa mga taong may kapansanan ay maaaring nagdudulot ng panganib sa mga ito. Matutukoy nito kung ang isang tao ay pinapayagan o hindi pinahihintulutan na makapagtrabaho sa ilang mga tungkulin sa mga taong may kapansanan.

Ang Worker Screening Check ay isasagawa ng Worker Screening Unit (WSU) sa estado o teritoryo kung saan nag-aaplay ang isang tao. Ang WSU ay magpapasya rin kung ang isang tao ay pinapayagan o hindi pinahihintulutan.

Ang mga nakarehistrong tagapagbigay ay kinakailangang makipag-ugnayan lamang sa mga manggagawang pinapayagan sa anumang tungkulin na isang [‘tungkulin na tinasa sa panganib’](#).

### Kailan magsisimula ang Worker Screening Check?

Ang Worker Screening Check ay magsisimula sa ika-1 ng Pebrero 2021, maliban sa Northern Territory. Ang Northern Territory ay sisimulan ang Worker Screening Check hindi lalampas sa ika-1 ng Hulyo 2021.

Bago magsimula ang Worker Screening Check, ang mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS na nagbibigay ng suporta at mga serbisyo sa mga kalahok ng NDIS ay kinakailangan na matiyak na ang kanilang mga manggagawa sa mga tungkulin na tinasa sa panganib ay natutugunan ang mga kinakailangang pagtatasa (screening requirements) para sa estado o teritoryo kung saan nagtatrabaho ang manggagawa. Ang isang tao ay mayroong isang **katanggap-tanggap na pagsusuri (acceptable check)** kapag natutugunan nila ang mga kinakailangan ng [transisyonal at mga espesyal na kaayusan](#) na nalalapat sa estado o teritoryo kung saan nagbibigay sila ng mga suporta at serbisyo ng NDIS sa mga taong may kapansanan.

Ang mga katanggap-tanggap na pagsusuri (acceptable checks) na dating ginagawa sa loob ng bawat estado o teritoryo ay magpapatuloy na kilalanin sa loob ng isang panahon pagkatapos magsimula ang Worker Screening Check. Karagdagang impormasyon tungkol sa mga panahon para sa pagkilala sa mga katanggap-tanggap na pagsusuri (acceptable checks) sa bawat estado at teritoryo pagkatapos ng pagsisimula ng Worker Screening Check ay makikita sa website ng NDIS Quality and Safeguards Commission (NDIS Commission).



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission



NDIS  
WORKER  
SCREENING

## Gaano katagal na may bisa ang NDIS Worker Screening clearance?

Ang mga manggagawa na may isang NDIS Worker Screening clearance ay napapailalim sa nagpapatuloy na pagmamamanman kaagapay ang pulisya at iba pang mga nauugnay na impormasyon.

Ibig sabihin nito na ang katayuan ng kanilang NDIS Worker Screening clearance ay maaari muling masuri kung ang isang WSU o ang NDIS Commission ay makatanggap ng nabagong impormasyon na nagpapahiwatig na maaaring magdulot ng panganib sa mga taong may kapansanan. Kung mangyari ito, maaari silang hindi pahihintulutan na magkaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance bago mag-expire ang kanilang umiiral na NDIS Worker Screening clearance.

Ang mga NDIS Worker Screening clearance nagwawakas bawat limang (5) taon.

## Kailangan ko bang kumuha ng isang NDIS Worker Screening clearance?

Maaari kang mag-apply para sa isang Worker Screening Check at kumuha ng isang NDIS Worker Screening clearance kapag ikaw ay nagtatrabaho sa isang rehistradong tagapagbigay ng NDIS sa isang tungkulin na tinasa sa panganib at:

- ang iyong katanggap-tanggap na pagsusuri (acceptable check) ay wala nang bisa (halimbawa, ito ay nagwakas na) sa loob ng estado o teritoryo kung saan ka nagbibigay ng mga suporta at serbisyo ng NDIS, o
- hindi ka nagtataglay ng isang katanggap-tanggap na pagsusuri o isang NDIS Worker Screening clearance.

Ang isang tungkulin na tinasa sa panganib (risk assessed role) ay:

- nagsasangkot ng direktang pagbibigay ng mga [tinukoy na serbisyo at suporta](#) sa mga taong may kapansanan; o
- malamang na magkaroon ng **higit pa sa hindi sinasadyang pakikipag-ugnay sa mga taong may kapansanan** bilang isang normal na bahagi ng iyong mga tungkulin. Kasama rito ang pisikal na pakikipag-ugnay; harapan na pakikipag-ugnay; sa pag-uusap, nakasulat at elektronikong komunikasyon sa mga taong may kapansanan sa iba't-ibang mga kalagayan; o
- isang **pangunahing tungkulin ng tauhan** – halimbawa, kung humahawak ka ng isang ehekutibo, mataas na pamamahala o paggawa ng desisyon ng isang rehistradong tagapagbigay ng NDIS o bilang isang miyembro ng lupon. Ang buong kahulugan ng mga pangunahing tauhan ay nasa seksyon 11A ng [National Disability Insurance Scheme Act 2013](#).

Ang mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS ay responsable para makilala ang mga tungkulin na tinasa sa panganib para sa kanilang organisasyon.

Kung nagtatrabaho ka sa isang nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS, ngunit hindi sa isang tungkulin na tinasa sa panganib, hindi mo kailangang magkaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance. Gayunpaman, ang nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS na pinapasukan mo o kaya ay nakikipag-ugnayan sa iyo ay maaaring piliin na hilingin sa iyo na mag-aplay para sa isang Worker Screening Check at kumuha ng isang NDIS Worker Screening clearance.

Ang mga hindi nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS at mga kasali na nangangasiwa sa sarili (self-managed participants) ay maaaring pumili na mag-apply ang kanilang mga manggagawa para sa isang Worker Screening Check at kumuha ng isang NDIS Worker Screening clearance, ngunit hindi ito sapilitan.



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission



NDIS  
WORKER  
SCREENING

## Paano ako mag-apply para sa isang Worker Screening Check?

Maaari kang mag-aplay para sa isang Worker Screening Check sa pamamagitan ng WSU ng iyong estado o teritoryo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano mag-aplay para sa isang Worker Screening Check, kasama ang mga bayarin sa aplikasyon, mangyaring bisitahin ang WSU webpage para sa estado o teritoryo kung saan ka nakatira o nagtatrabaho.

- Australian Capital Territory: [Access Canberra](#)
- New South Wales: [Office of the Children's Guardian](#)
- Northern Territory: [NT Police, Fire and Emergency Services](#)
- Queensland: [Department of Seniors, Disability Services and Aboriginal and Torres Strait Islander Partnerships](#)
- South Australia: [Department of Human Services](#)
- Tasmania: [Consumer, Building and Occupational Services](#)
- Victoria: [Department of Justice and Community Safety](#)
- Western Australia: [Department of Communities](#)

## Maaari ba akong magtrabaho para sa isang nakarehistrong tagapagbigay sa isang tungkulin na tinasa sa panganib bago ako magkaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance?

Depende sa mga batas sa iyong estado o teritoryo, maaari kang magsimulang magtrabaho sa isang tungkulin na tinasa sa panganib kapag nagsumite ka na ng isang aplikasyon para sa isang Worker Screening Check, ngunit bago ka bigyan ng isang NDIS Worker Screening clearance. Sa mga pangyayaring ito, ang mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS ay dapat siguraduhin na mayroon silang nakalagay na naaangkop na mga pananggalang.

Ang mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS ay dapat malaman ang mga kinakailangan sa bawat estado at teritoryo kung saan sila nagbibigay ng suporta at serbisyo ng NDIS, dahil ang ilang mga estado at teritoryo ay hindi pinahihintulutan ang isang manggagawa na magsimula na magtrabaho hanggang sa magkaroon sila ng isang NDIS Worker Screening clearance.

## Paano ko malalaman kung makakakuha ako ng isang NDIS Worker Screening clearance o isang NDIS Worker Screening exclusion?

Ang WSU ng estado o teritoryo kung saan ka nag-aplay ay magsasabi sa iyo ng kinalabasan ng iyong aplikasyon sa Worker Screening Check.

Ang iyong taga-empleyo ay makakatanggap ng abiso sa email ng iyong clearance status sa sandaling natukoy ng WSU ang kinalabasan ng iyong aplikasyon. Kung nagtatrabaho ka rin sa ibang mga employer at naka-link sila sa iyo sa NDIS Worker Screening Database (NWSD) makikita rin nila ang iyong clearance status.

Makikita ng Komisyon ng NDIS ang iyong clearance status sa NWSD.

## Paano kung magkakaroon ako ng isang exclusion?

Kapag nakatanggap ka ng isang NDIS Worker Screening exclusion bilang resulta ng iyong Worker Screening Check, ang isang rehistradong tagapagbigay ng NDIS ay hindi papayag na makapagtrabaho ka sa isang tungkulin na tinasa sa panganib.



NDIS Quality  
and Safeguards  
Commission



NDIS  
WORKER  
SCREENING

## Ano ang NDIS Worker Screening Database?

Ang NWSD ay hawak ng Komisyon ng NDIS.

Ang NWSD:

- may hawak ng isang rehistro ng mga walang sagabal (clear) at excluded na mga manggagawa na tinukoy ng WSU ng bawat estado at teritoryo
- sinusuportahan ang pambansang patuloy na pagsubaybay ng kriminal na talaan ng kasaysayan ng mga manggagawa na may mga NDIS Worker Screening clearance
- nangangahulugan na ang mga tagapagbigay ng NDIS sa buong bansa ay maaaring gumamit ng iisang online portal upang mapatunayan ang mga aplikasyon sa Worker Screening Check ng kanilang mga manggagawa, at suriin ang mga NDIS Worker Screening clearance ng mga naghahangad na mga manggagawa, nang hindi na kinakailangan pang makipag-ugnay sa mga indibidwal na WSU ng mga estado at teritoryo
- tumutulong sa mga tagapagbigay ng NDIS sa mga kinakailangan ng pagpapanatili ng mga talaan.

Ang NWSD ay humahawak **lamang** ng impormasyon tungkol sa NDIS Worker Screening clearance status para sa mga manggagawa na sumailalim sa isang Worker Screening Check. Hindi ito maghahawak ng impormasyon tungkol sa mga katanggap-tanggap na pagsusuri (acceptable checks). Hindi ito hahawak sa personal na impormasyon na ginamit ng isang WSU ng estado o teritoryo upang masuri ang kinalabasan ng Worker Screening Check ng isang manggagawa.

## Kailan gagana ang NWSD?

Magsisimula ang operasyon ng NWSD mula ika-1 ng Pebrero 2021.

## Karagdagang impormasyon

### Batas

- [NDIS \(Practice Standards - Worker Screening\) Rules 2018](#)
- [National Disability Insurance Scheme Act 2013](#)

### Website ng Komisyon ng NDIS

- [Talahulungan](#) ng mga term na ginamit sa fact sheet na ito.
- Pangkalahatang impormasyon tungkol sa [mga kinakailangan ng manggagawa](#).
- Impormasyon tungkol sa [NDIS Worker Screening Check para sa mga rehistradong tagapagbigay ng NDIS](#).
- [Mga NDIS Practice Standard at Tagapaghiwatig ng Kalidad \(Quality Indicators\)](#)